# INTERNATIONAL NAPASA　( May 7th, 2024 )

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG MARSO SA LOOB NG SIYUDAD

3月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Marso ay nagkaroon ng kabuuang 34 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Yaezakicho, na may 6 na kaso, Tamura na may 5 kaso, Amanuma 3 kaso at 2 kaso naman sa Beniyacho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 8 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Higashi Shindo at Higashi Nakahara na may tag-2 kaso.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN　・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa May 12 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUIM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 11 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***FC MACHIDA ZELVIA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA NEUMOCOCCCAL VACCINE PARA SA MGA MATATANDA

高齢者のための肺炎球菌の予防注射のお知らせ

Kapag nagkaroon ng sakit na Neumococcus ay may panganib na magdulot ng malubhang sakit tulad ng Neumonia at Bronchitis kung kaya’t kinakailangan ang pagpapabakuna. Magpabakuna sa mga Medikal Institusyon ng siyudad. Ang mga nabibilang dito ay mga may edad na 60 taong gulang pataas at ang bayaring halaga ay mga **¥ 3000**. Para sa mga katanungan ukol dito ay makipag-alam sa ***HEALTH SECTION (KENKO KA)*** ng City Office. **Telephone No. 0463-55-2111 (0463-55-2111).**